ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas

Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVIII Blg. 2

Enero 21, 2017

www.cpp.ph

## Ikatlo sa serye ng *peace talks*, nagsimula na

NAGSIMULA NA NITONG Enero 19 sa Rome, Italy, ang ikatlong round sa serye ng *peace talks* sa pagitan ng NDFP at GRP na magtatapos sa Enero 25. Layunnn ng usapan ang pagtalakay sa sustantibong adyenda ng sosyo-ekonomikong mga reporma. Dito'y magpapalitan at magkakaisa ang dalawang panig sa inihanda na nilang mga borador para sa Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms (CASER).

Sa pagbubukas sa negosasyon, sinabi ni Prof. Jose Maria Sison, pinunong pampulitikang tagapagayo ng NDFP panel, na maaaring patuloy na mag-usap sa mabuting paraan ang dalawang panel hangga't tumutugon ang usapan sa ugat ng armadong tunggalian at pagsisikap na mapunuan ang mga kahingian ng mamamayan para sa batayang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitikang mga reporma. Ito'y upang mailatag ang pundasyon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan at itatag ang isang Pilipinas na tunay na nagsasarili, demokratiko, makatarungan, masagana at maunlad.

Inilinaw ng NDFP na handa rin itong makipag-alyansa sa GRP at gubyernong Duterte sa pagtatag ng Pederal na Republika ng Pilipinas na magbubuo ng bagong konstitusyon para sa pambansang kasarinlan, demokrasya, kaunlarang pang-

...sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Ibasura ang Oplan Kapayapaan ng AFP!

Itinatakwil ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan ang bagong "oplan" ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na mapanlinlang na tinaguriang "Oplan Kapayapaan".

Ang bagong oplan na ito ay isinapubliko nitong Enero 9. Ipinalit ito ng AFP sa Oplan Bayanihan na natapos noong Disyembre 31, 2016 at bigo sa layuning ipawalangsaysay ang BHB sa kabila ng paglulunsad ng todong-opensiba sa Mindanao at iba pang rehiyon sa bansa sa nagdaang mga taon.

Ito'y isang panibago na namang plano para sa gerang panunupil laban sa mamamayan. May bago na namang maskara ang AFP na pangkubli sa kamuhi-muhing mukha ng pasistang pananalasa at kalupitan ng mga armadong tropa nito.

Nagkukunwari ang AFP na inaasahan nitong "makikipagtulungan" ang rebolusyonaryong kilusan sa bagong oplan para diumano matamo ang kapayapaan. Inaakala ng AFP na mabubuyo nito ang Partido na palawigin pa ang tigil-putukan kahit walang-lubay ang mga opensibong operasyon at pagyurak nito sa karapatang-tao sa mga sona at baseng gerilya at kahit wala pang makabuluhang natatamo ang bayan sa usapang pangkapayapaan.

Hindi pa man inilalabas ang mga detalye ng bagong oplan na ito, malinaw nang ito'y nakatuon sa pagsupil sa masang api at sa kanilang mga pakikibaka. Idineklara ng AFP na sa ilalim ng bago nitong oplan, hindi iaatras ang mga armadong yunit nito sa mahigit 500 baryong kasalukuyang sinasakop nito. Ipagpapatuloy sa ilalim ng bagong oplan na ito ang *triad* o tatluhang operasyong saywar, intelidyens at kombat.

Isang malaking kasinungalingan ang pinalalabas ng AFP na ang presensya ng mga armadong tropa nito sa gitna ng mga baryo ay tugon nila sa "kahilingan" ng mga upisyal ng

barangay.

Hindi "kapayapaan" ang dala ng mga armadong sundalo ng AFP sa mga baryo sa ilalim ng tinatawag na "Peace and Development Outreach Program" na ngayo'y tinagurian namang "Community Support Program." Matinding ligalig at perwisyo ang hatid ng mga pasistang sundalo sa tuwing sila'y nasa mga baryo. Ang pagmamatigas ng AFP na panatilihin ang mapanupil na presensya ng mga armadong tropa nito sa gitna ng mga baryo ang lalong nagtutulak sa masang magsasaka na paigtingin ang kanilang armado at di armadong paglaban.

Sa ilalim ng bagong oplan, susuporta diumano ang AFP sa tinaguriang "gera kontra-droga," isang gerang nakatuon pangunahin laban sa mahihirap na biktima ng droga. Ang "gera" na ito ay nagmistulang lisensya para patayin ang sinumang nais nilang patahimikin, sa simpleng pagakusang sangkot o gumon ito sa droga. Asahang gagamitin ito ng AFP sa lalo pang paghahasik ng karahasan at takot sa mamamayan sa kanayunan man o kalunsuran at pagtarget sa mga aktibista at lider ng masa.

Ibayong pananalasa at karahasan din ang ihahatid ng bagong oplan sa mamamayang Moro. Inianunsyo kamakailan ng AFP na 51 batalyon ang ipapakat nito sa lugar ng Bangsamoro upang ilunsad ang sustenidong mga operasyon sa darating na anim na buwan laban sa tinaguriang mga grupong "dayuhan at lokal na terorista."

Tulad sa nakaraang malalaking operasyong anti-Moro, tiyak na magdudulot ito ng laganap na karahasan at pwersahang pagpapalikas sa ilampung libong mamamayang Moro. Anumang oras ay madali ring ibaling ang ganito kalaking pwersa laban sa rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao.

Matamang inaantabayanan ng Partido ang magiging resulta ng ikatlo sa serye ng mga usapang pangkapayapaan. Kung walang isasakatuparang pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal, at patuloy ang armadong operasyon ng AFP sa mga sona at baseng gerilya, walang ibang kahihinatnan ang deklarasyon ng tigil-putukan ng Partido kundi ang pagbawi rito, kahit pa bukas ito sa pagpapatuloy ng mga negosasyon.

Tulad ng lahat ng nagdaang oplan ng AFP, ang bagong oplan ay pinagtibay sa direksyon ng US at hinalaw sa doktrina nito ng "counterinsurgency." Ang AFP ay sinasanay, pinopondohan at inaarmasan ng imperyalismong US upang gamitin sa paggapi sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Dapat puspusang ilantad ang panloloko sa likod ng Oplan Kapayapaan. Gagamitin ito ng AFP sa tangkang pagtakpan ang mabangis na gera sa paglalarawan dito bilang isang plano para sa "suportang pangkaunlaran at seguridad." Walang ihahatid na "pag-unlad" ang AFP kundi yaong nagsisilbi sa interes ng malalaking kumpanya sa pagmimina, malalaking plantasyon, malalaking asendero at iba pang mandarambong at mangangamkam ng lupa.

Dapat ibasura ng sambayanang Pilipino ang Oplan Kapayapaan. Dapat kundenahin ang AFP sa patuloy na paglulunsad ng mabangis na digma laban sa masang magsasaka at sa pagpapatindi nito ng kampanya ng panlilinlang. Kasabay nito, dapat ring pukawin ang mamamayang Moro na paigtingin ang kanilang armado at di armadong paglaban sa pananalasang militar sa kanilang lupain at mga pamayanan.

Dapat paigtingin ang anti-pasistang mga pakikibaka laluna sa kanayunan. Dapat batikusin ang mga paglabag sa mga karapatang-tao. Sa harap ng militarisasyon at panunupil, dapat isabay ang pakikibakang anti-pasista sa mga pakikibakang antipyudal at anti-imperyalista ng masang magsasaka.

Katulad ng lahat ng naunang oplan ng AFP, mabibigo rin ang Oplan Kapayapaan sa layunin na gapiin ang demokratikong paglaban at armadong pakikibaka ng bayan. Habang pinatitindi ng AFP ang gerang panunupil nito, sa harap ng tumitinding pang-aapi at pagsasamantala, tiyak na lalo pang sisiklab at lalagablab ang apoy ng digmang bayan sa buong bansa. AB

ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 2 | Enero 21, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.info

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/PhilippineRevolutionWebCentral

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Ibasura ang Oplan Kapayapaan 1

Ika-3 *round* ng *peace talks*, nagsimula na 1

Programang CLIP, pinalawak 3

Pagsasanay sa NEMR 4

Engkwentro sa ComVal 5

*Social media* para sa rebolusyon 6

Kampanyang propaganda sa Panay 7

Ulos-TK, inilabas na 8

Mga sakada, tumakas sa H.Luisita 8

Dole Order 168, kinundena 9

Paligsahang Miss Universe, binatikos 10

Mga protesta, tuluy-tuloy sa 2017 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"Ikatlo sa serye...," mula pahina 1*

ekonomya, panlipunang hustisya, pagunlad ng kultura, nagsasariling patakarang panlabas, at pakikiisa sa mga mamamayan ng lahat ng bayan para sa kapayapaan at kaunlaran. Walang partikular na superyoridad ang pederal na sistemang pang-estado sa unitaryong sistema, lalo na kung dala nito ang dati nang mga sakit ng dating sistema at walang mga konstitusyunal na pananggalang sa oligarkiya at pagpapakatuta, korapsyon at warlordismo.




Inaasahang magpipirmahan sa Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms (CAPCR) matapos ang susunod na isa o dalawang round. Magbibigay ito sa GRP ng apat na taon upang ipatupad ang CASER at CAPCR at maglalatag ng batayan para sa Comprehensive Agreement on the End of Hostilities and Disposition of Forces at mutwal na pangkalahatang amnestiya sa mga upisyal at sundalo.

**Mga reklamong paglabag sa CARHRIHL**

Bago pa man magbukas ang negosasyon, inilahad na ng NDFP ang mga seryosong usapin na nakikita nitong sagka sa pagpapatuloy ng unilateral na tigil-putukan at nagpapalabo sa pagkakasundo para sa isang bilateral na kasunduan para rito. Ayon sa NDFP, pormal nang isinumite ang mga usaping ito kaugnay ng patuloy na paglabag ng GRP sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law at ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees.

Kabilang sa mga usaping ito ang seryosong pagtataksil nang imungkahi ng gubyernong Duterte na iatras nina NDFP consultant Eduardo Sarmiento, Emeterio Antalan at Leopoldo Caloza ang kanilang apela sa husgado laban sa mga gawa-gawang kaso para kunwa'y magawaran sila ng pardon ng presidente. Dahil hindi ibinigay ang pardon o amnestiya, naging pinal ang kanilang mga sentensya.

Inireklamo rin ang isinasagawang sarbeylans at harasment sa mga konsultant, sa pamamagitan ng mga taong nakasakay sa motorsiklo. Inihain rin ang reklamo sa kawalang-aksyon ng gubyerno sa pagkakawala ng mga konsultant na protektado sana ng JASIG tulad nina Leo Velasco, Prudencio Calubid, at asawa't kamag-anak; Rogelio Calubad at anak; Nestor Entice at asawa; Leopoldo Ancheta; at Philip Limjoco; gayundin ang pagpatay kay Sotero Llamas, na naganap lahat sa panahon ni President Gloria Macapagal-Arroyo.

Isinampa rin sa JMC ang reklamo tungkol sa patuloy na operasyon ng militar at pulis, kabilang ang pag-okupa sa mga komunidad at pasilidad pampubliko, iligal na panghahalughog at interogasyon para takutin ang mga tao sa 146 munisipalidad sa mahigit 43 probinsya. Isinama rin ang mga kaso ng pamamaslang sa mga inosenteng mamamayan dahil sa brutal at walang-pakundangang paraang gamit ng mga pulis sa gera kontra droga, ang patuloy na pagbilanggo sa halos 400 bilanggong pulitikal, at ang patuloy na hindi pagbigay ng bayad-pinsala sa mga biktima ng diktadurang Marcos at pagbabaluktot ng kasaysayan sa pagpapalibing kay Marcos bilang bayani. AB

# Programang CLIP, pinalawak



NITONG ENERO, ipinagmalaki ng Department of Interior and Local Government (DILG) na nakapagbigay umano ang departamento ng P101.67 milyon bilang "ayuda" sa 1,573 "dating rebelde" sa nakaraang dalawang taon. Ang pondong ito ay nakapailalim sa programang Comprehensive Local Integration Program (CLIP) na nakabalangkas sa Oplan Bayanihan ng AFP.

Ayon mismo sa DILG, layunin ng CLIP ang "reintegrasyon" ng mga dating Pulang mandirigma para maabot ang "permanenteng pagtatapos" ng armadong pakikipaglaban ng Bagong Hukbong Bayan. Nagkakahugis ito sa "maramihang pagsurender" ng kadalasa'y mga sibilyan sa mga komunidad na pinalalabas na dating kasapi ng BHB.

Sa maraming kaso, ginagamit ng mga lokal na upisyal militar ang pondo nito bilang palabigasan, lalupa't madali lamang mag-imbento ng mga pekeng surenderi mula sa malalayong baryo at bayan. Kung mayroon mang totoong nagsurender, hindi rin ibinibigay ng buo ang pinansyal na ayuda kundi ibinubulsa ng mga upisyal na nasa kapangyarihang magdesisyon kung aaprubahan ang bawat kaso.

Isinasabay ang CLIP sa mga operasyong *triad* ng AFP at pagbitag sa PKP at NDFP sa walang taning na tigil-putukan sa tangkang gawing pasibo ang

rebolusyonaryong kilusan. Sa ilalim nito, maramihang tinitipon ang mga residente, pinapipirma sa mga blankong papel, dinadala sa mga sentrong bayan para magrali laban sa Partdo Komunista ng Pilipinas, BHB at NDFP at saka ipiniprisinta sa midya bilang mga sumurender na Pulang mandirigma.

Isang halimbawa ang ginawa ng Civil Military Operations ng 401st IBde at lokal na pamprubinsyang pamahalaan sa Jabonga, Agusan del Norte noong 2016. Matapos ang may tatlong buwang panggigipit, anim na sibilyan ang iniharap sa gubernador ng prubinsya noong Oktubre 21, 2016 bilang mga surenderi. Matapos ang seremonya, binawi ng mga upisyal ng lokal na pamahalaan at 401st IBde ang "ayuda" sa kanila. Kailangan diumano ang pondo para sa mga proyekto ng DSWD at para sa 26 na iba pang sibilyang "napasurender" ng mga sundalo.

Katuwang ng DILG ang Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP) sa pagpapatupad ng CLIP. Para sa 2017, humingi ang ahensya ng kabuuang P8 bilyong badyet (mula sa mahigit P700M noong 2016) para umano sa mga proyekto ng Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA), na siya ring nagpopondo ng umano'y ayudang medikal at mga *safehouse* ng mga “nagbalik-loob na rebelde” sa ilalim ng CLIP.

Pinasimulan ang CLIP sa ilalim ng Oplan Bayanihan at ipinagpapatuloy ng kasalukuyang rehimen. Bago nito, dati nang nagpatupad ng kahalintulad na mga programa ang reaksyunaryong gubyerno, tulad ng National Reconciliation and Development Program noong 1986, Balik-Baril Program ng rehimeng US-Ramos, Balik-loob Program noong 2000, at ang Social Integration Program sa panahon ni Macapagal-Arroyo. AB

# Laking-batalyong hukbo, nagsanay sa NE Mindanao



Pamalagiang tungkulin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pagpapalakas sa sarili, laluna sa harap ng nagpapatuloy na mga operasyon ng Armed Forces of the Philippines sa kanayunan na nagsasapanganib sa buhay at kabuhayan ng mamamayan.

Upang gampanan ang tungkuling ito, at gayundin para paghandaan ang mga armadong sagupaan sa AFP dulot ng pagdadalawang-mukha ni Duterte, naglunsad ang BHB-Northeastern Mindanao Region (NEMR) ng Batayang Kursong Pulitiko-Militar (BKPM) noong huling kwarto ng 2016.

Laking-batalyon na mga Pulang kumander at mandirigma ang nagtapos sa dalawang magkasunod na BKPM na ginanap sa isang larangang gerilya sa rehiyon. Mahigit 60 Pulang kumander at mandirigma ang lumahok sa unang bats. Ilang araw matapos ang unang bats ay sinimulan ang ikalawa na nilahukan naman ng mahigit 90.

Nagmumula sa magkakahiwalay na platun ang mga kalahok at nagsanay sa pagkilos bilang kumpanya para sa mga kakailanganing operasyon ng BHB. Makabuluhan ang bilang ng mga kabataang treyni, samantalang mayroon ding mga nagsanay na mga kumander mula sa hanay ng kababaihan at Lumad.

Ayon kay Ka Bill, panrehiyong kumander ng BHB sa NEMR, bahagi ang mga BKPM sa tugon ng BHB sa panawagan ng pambansang pamunuan ng Partido na magkonsolida sa panahon ng magkatugong unilateral na deklarasyon ng tigil-putukan ng NDFP at GRP. Maliban sa BKPM, dalawang bats din ng Batayang Kurso ng Partido ang inilunsad para sa hukbo at sangay sa baryo bago ang pulitiko-militar na pagsasanay.

Sinimulan ang bawat araw ng BKPM ng ehersisyo ng katawan at pagsasanay sa pagmartsa, bilang bahagi ng pagpapaunlad ng pagkilos bilang iisang kabuuan. Ayon pa kay Ka Bill, kung mapanghahawakan ng mga kasama ang mataas na antas ng disiplinang militar, para na rin umanong napakikilos ang isang kumpanyang hukbong bayan bilang iisang tao sa iisang direksyon.

Naging bahagi rin ng pagsasanay ang pagpapagana ng *chain of command* mula sa kumander ng kumpanya patungo sa mga platun at iskwad. Binigyang-halaga ang pagpapakilos ng mga kumander sa kanilang mga tauhan sa pamamagitan ng mga kumand. Kung may mga pagkakamali man, inihahapag ito sa nagsasanay na kumander sa panahon ng ebalwasyon. Matapos ang mga praktikal na pagsasanay, isinusunod naman ang mga lektura. Ganito rin ang iskedyul tuwing hapon. Isasara ang isang araw na

treyning sa pamamagitan ng pagtitipon ng buong kumpanya, pagsusuma ng buong araw at paghahanda para sa susunod na mga iskedyul. Matapos nito'y magpupulong-pulong na ang bawat platun.

Malaki rin ang kabuluhan ng pagsanay sa pamumuno ng mga myembro ng Partido sa loob ng hukbong bayan. Ayon pa kay Ka Bill, mahalagang mapanghawakan ng mga pampulitikang upisyal kung paano nakasasabay sa pagkilos sa loob ng hukbo at pagpupropaganda sa mga mandirigma upang higit silang mahikayat sa proseso ng BKPM.

Tinukoy ni Ka Bill ang pagsigaw ng mga upisyal sa pulitika ng mga *chant* upang i-ahita ang mga treyni. Halimbawa nito'y ang mga sigaw-ahitasyong "Ang hukbong wa'y pagbansay, lupigon sa iyang kaaway!" (Ang hukbong walang pagsasanay, dadaigin ng kanyang kaaway!) o kaya'y "Ang hukbo na disiplinado, mao'y tinuod na sundalo!" (Disiplinadong hukbo, tunay na hukbo!) kapag panahon ng *jogging* o kapag nagbabaras ang mga treyni. Para kay Ka Bill, isang pagpapakita lamang ito ng pangunguna ng upisyal sa Partido at pakikipagtulungan niya sa kumander upang hindi lamang katawan ng mga Pulang mandirigma ang inihahanda sa labanan, kundi pinapanday din ang kanilang diwang mapanlaban. Bilang sentro ng pamunuan sa loob ng hukbo, aniya, ang pagtutulungan ng dalawang upisyal ang susi sa organisadong pagtalima ng mga mandirigma sa mga atas.

Maliban dito, habang umuusad ang BKPM, unti-unti na ring kinakabisa ang *obstacle course* at nagiging bahagi na ng praktikal na pagsasanay. Sa ilang bahagi ng pagtalunton sa *obstacle course* ay sinasanay ang mga treyni sa panaka-nakang putok ng baril. Mayroon ring bagong idinadagdag sa *obstacle course,* na ayon kay Ka Bill, ay nakaangkop sa iba't ibang tipo ng taktikal na opensibang planong ilunsad ng BHB.

Sa simula ay kinaharap nila ang problema ng pagtupad sa disiplinang paggising nang alas-tres ng umaga na susundan ng paliligo at ehersisyo. Napangibabawan ito sa pamamagitan ng pagpaunawa ng kahalagahan ng paghawak sa disiplinang militar, at kung paano pinag-uugnay ang mga teoretikal sa mga praktikal na pagsasanay. Ang mga paglabag ay hinaharap ng pampulitikang mga aral at karaniwang mga aksyong pisikal tulad ng pag-*push up*, at hindi idinadaan sa burges na pagmamalupit o pagpapahiya.

Sa seremonya ng paggradweyt ng unang bats, nagmartsa sa harap ng mga kasama at inimbitang mga residente sa kalapit na mga baryo ang mga nagtapos. Tumanggap sila ng pagkilala mula sa mga instruktor at pamunuan ng BHB sa rehiyon. Nakaunipormeng kulay luntian na *sweatshirt* at itim na pantalon ang unang kumpanyang nagtapos, na pinatingkad ng puting mga gwantes. Taimtim silang nakinig sa mga talumpati mula sa mga kasama at kapwa kalahok.

Habang ginaganap ang unang bats ng BKPM, ang isang kumpanya ay gumagampan ng gawaing masa sa mga barangay na nakapalibot sa pinaglulunsaran ng pagsasanay. Sa mga lugar na ito rin nakapagpakilos ng mga taumbaryo upang tumulong sa mga pangangailangan ng ginaganap na pagsasanay. Sa ikalawang bats, yaong mga nagtapos na ang siya namang nagtaguyod sa mga pangangailangan, habang mayroon pa ring nananatiling mga yunit sa hanay ng masa.

Inaasahan ng pamunuan ng BHB sa rehiyon na ang regular na mga pagsasanay na ito ay magkukumpleto sa ilang taon nang inilulunsad na mga *crash course*, na siyang naging pangingibabaw ng hukbo sa gitna ng matinding atake ng kaaway sa rehiyon mula 2012. Gayundin, ang bilang ng mga kalahok ay nagluluwal ng pagkakataong magsanay ang hukbong bayan sa pagkilos bilang mga pormasyong kumpanya. AB

## Paramilitar sa ComVal, naengkwentro ng BHB

IPINATUTUPAD NOONG Disyembre 30, 2016 ng BHB-Comval Davao East Coast Sub-Regional Operations Command ang kautusan sa pagdisarma sa grupong paramilitar na Mandaya Ancestral Defense Unit (MANADU) nang makasagupa nila ang grupo sa Sityo Calatagan, Brgy. Poblacion, Caraga, Davao Oriental.

Sumiklab ang labanan nang namutok ang mga pwersang paramilitar. Napatay sa labanan si Cupertino Banugan, kilalang *warlord* at lider ng MANADU, kapatid nitong si Ramon at kamag-anak na si Dodo Banugan. Nakumpiska ng BHB ang dalawang matataas na kalibreng baril. Apat na Pulang mandirigma ang sugatan sa engkwentro.

Kasabwat ang Armed Forces of the Philippines, naghahasik ng lagim sa mga magsasaka at Lumad sa Caraga ang MANADU mula pa noong panahon ni Arroyo sa ilalim ng gerang panunupil na Oplan Bantay Laya.

Ginamit ni Cupertino ang kanyang pagiging datu upang kamkamin ang mahigit 14,000 ektaryang lupang pagmamay-ari ng pamilyang Iligan, Bayon, Silat, Tibay at Panin sa Caraga. Sapilitan din niyang pinagbabayad ng upa sa lupa ang mahihirap na magsasakang Mandaya. Aabot sa P2 milyon ang kanyang nakukolekta taun-taon mula sa pangingikil.

Responsable rin ang mga Banugan sa pagpaslang kay Romeo Mapando, Modesto Lagungan at Male Lagungan. Pinagtangkaan naman nilang patayin sina Julieto Bayon at Bitoy Usto. Karamihan ng biktima ng magkapamilyang Banugan ay mga residente sa Caraga na inagawan ng lupa at tumututol sa kanilang paghahari. AB

# Paggamit ng *social media* para sa rebolusyon

Sa paglulunsad ng koordinadong mga *peace forum* noong Disyembre 26 sa buong bansa, naging tampok ang paggamit sa *social media* bilang paraan ng mabilis na pagpapabatid sa mamamayan ng mahahalagang impormasyon mula mismo sa rebolusyonaryong base ng Bagong Hukbong Bayan.

Mula Paquibato, Davao City, direktang nasaksihan sa buong bansa at sa buong daigdig, ang "live-feed" sa Facebook at Twitter ng Philippine Revolution Web Central (PRWC) na ipinu-*post* (inilalagay) ng mga rebolusyonaryong koresponsal mula sa lugar mismo ng malaking raling pangkapayapaan. Nai-*upload* rin ang iba't ibang bidyo kabilang ang pagmamartsa ng mga platun ng Bagong Hukbong Bayan papasok sa lugar ng pagtitipon. Sa loob ng ilang araw, umabot sa halos 80,000 ang nakapanood nito.


Ang *social media* ay ang ugnayan ng mga gumagamit sa internet sa pamamagitan ng malalaking komersyal na *website* katulad ng Facebook (FB), Twitter, Youtube, Instagram, mga blog, gayundin sa pamamagitan ng email. Laganap ang paggamit sa Pilipinas ng *social media* laluna ng kabataan at ng mga migranteng manggagawa.

Tuluy-tuloy na lumalawak ang paggamit ng rebolusyonaryong kilusan sa *social media* bilang paraan ng mabilis na pagpapabatid sa publiko at palitan ng impormasyon. Sa Panay, lahat ng kumand ng BHB sa isla ay may FB account at regular na nagpu-*post* o nagbabahagi *(share*) ng mga bagong mensahe, tula, at larawan. Ito ay sinuhayan ng maraming mga FB *account* ng iba pang mga aktibista at mga kaalyadong "friend" (kaugnayan) upang mas mapalawak ang maabot sa pamamagitan ng *tagging* at *share*. Sinuportahan ng Panay ang *hashtag* na #WakasanOplanBayanihan; #EndOplanBayanihan; #LayasMilitar; #CPP48; #NationalPeaceAssembly; #JoinNPA; at #CherishNPA.

May FB *account* din sina Jaime "Ka Diego" Padilla at Cleo del Mundo ng Southern Tagalog; si Maria Roja Banua at Armando Catapia Command; at ng rebolusyonaryong pahayagang *Silyab* at *Tilamsik* ng Bicol. Mayroong kani-kanyang *blog* ang lahat ng mga kumand na nakapailalim sa BHB-Bicol. Nitong huli, nagbukas na ng FB *account* ang NDF-Northeastern Mindanao.

Samantala, may mga Twitter *account* ang dati nang nakatayong mga *website* tulad ng NDFP (@ndfp_info) at Philippine Revolution Web Central (@prwc_info). Dito mabilis na ipinababatid ng dalawang *website* ang mga bagong balita at impormasyon. Mayroon ding mga *account* ang konsultant ng NDFP tulad nina Luis Jalandoni at Jose Ma. Sison.

Marapat na matalinong gamitin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang *social media* bilang paraan ng pag-abot sa malawak na mamamayan. Ang paggamit sa *social media*, lalo na sa kabataan, ay lumalaganap na hanggang sa kanayunan. Naging madali para sa kabataan na pumasok dito dahil may mga libreng serbisyo ang FB. Sa ganitong paraan, maaari nang mabilis at maagap na maipalaganap ang mga balita at pahayag ng Partido at ng Bagong Hukbong Bayan sa pwersa at masa, ang *Ang Bayan* at mga bidyo nito, kasabay ng mga rebolusyonaryo at progresibong awit, at gawing karaniwang laman ng mga selpon ng kabataan. Gayundin, maaari itong gamitin ng mga yunit ng BHB para mabilis na makapagpaabot ng mga ulat ng mga tagumpay, tulad ng mga taktikal na opensiba o ng mga masang organisasyon sa anumang antas ng mga detalye ng paninibasib ng mga pwersa ng AFP sa kani-kanilang lugar. Pinakaepektibo ito kung nalalakipan ng larawan at/o bidyo.



Gayunpaman, dapat mulat ang rebolusyonaryong kilusan sa mga limitasyon ng ganitong paraan. Hindi ito dapat ituring na kapalit ng mas epektibong tuwirang pagpopropaganda at pag-oorganisa sa masang Pilipino. Tungkulin pa rin ng mga aktibista at organisador na abutin ang malawak na masa habang ginagamit na epektibong suplemento ang *social media*.

Ikalawa, dapat maging matalas at mapanuri ang mga kabataang mahilig sa Facebook upang mahalaw ang tama at totoo, at maiwaksi ang mga sadyang panlilinlang. Malaki ang makinarya ng reaksyunaryong militar na sadyang gumagawa ng mapanlinlang na mga *account* upang lituhin ang mamamayan. Malaki ang badyet nito upang lumikha ng iba't ibang *troll* (pekeng) *account* at mga bayarang "friends." Kamakailan, naglabas ng pekeng bidyo ang militar kung saan "nagkasundo" ang isang yunit ng BHB at mga sundalo sa panahon ng pasko. Sa bidyong ito, may eksenang nakikipagkamay ang mga nagpapanggap na mga Pulang mandirigma sa mga sundalo habang ipinalalaganap ang baluktot na mensaheng "kapayapaan" ng militar.

Ikatlo, tiyak na pag-iinteresan ng mga ahente ng militar ang mga *account* ng mga rebolusyonaryo sa FB at iba pang *social media outlet*. Kaya dapat pag-aralan at gamitin ang mga gerilyang paraan ng paggamit sa internet para mapangalagaan ang kanilang identidad at lokasyon. AB

# Kampanyang pangkapayapaan at kontra-Oplan Bayanihan sa Panay

DALAWANG MAGKARUGTONG na kampanya ang matagumpay na nailunsad ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa sa Panay noong nakaraang Nobyembre at Disyembre 2016.

Ito ang ambag ng Panay sa pambansang pagsisikap na ilantad ang mga paglabag ng AFP sa sariling deklarasyon ng tigil-putukan at pagyurak sa pantaong karapatan at CARHRIHL; at pangalawa, ang pagpakita ng galit ng mamamayan sa isla sa hindi pagtupad ni Pres. Duterte sa kanyang mga pangako na palayain ang mga bilanggong pulitikal. Naglunsad ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ng mga raling pangkapayapaan sa pagsuporta sa usapang pangkapayapaan.

Rumurok ang mga kampanyang ito noong huling linggo ng Disyembre sa paglunsad ng serye ng mga kilos masa sa kanayunan kasama ang mga Pulang mandirigma para sa kapayapaan at sa pagdiwang ng ika-48 anibersaryo ng Partido.

Sa kabuuan, mahigit 2,000 ang dumalo sa mga serye ng pagdiriwang sa anibersaryo ng Partido at pambaryo at interbaryong mga raling pangkapayapaan sa mga sonang gerilya. Naglunsad din ng piket sa Kalibo, Aklan at *candle lighting* sa Jaro, Iloilo City.

Sa Timog Panay, halos 900 mamamayan ang dumalo sa pambaryo at interbaryong mga raling pangkapayapaan at pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido. Sa Central Panay, 600 ang dumalo sa dalawang magkahiwalay na pagtitipon. Mayroon namang nagtipon sa Silangang Panay.

Sa nasabing magkakahiwalay na mga pagtitipon, iniladlad ang mga istrimer, plakard at islogan, at apat na bagong myural. Namigay ng mga kopya ng *Daba-daba, Ang Bayan*, at praymer sa usapang pangkapayapaan. Nagpalabas ng mga bidyo ukol sa usapang pangkapayapaan at tinalakay ang pahayag ng Komite Sentral ng PKP at ng Komiteng Rehiyon ng Panay, at iba pang isyu. Sa isang pagdiriwang, pormal na pinasumpa sa BHB ang mga bagong kasapi nito. Nagbigay ito ng inspirasyon sa mga dumalo mula kalunsuran upang bumalik sa sonang gerilya para sa integrasyon at tumulong sa pagpapasampa ng mga Pulang mandirigma sa hukbo.

Bago pa man ang pagdiriwang sa anibersaryo ng Partido at serye ng mga *peace rally* noong Disyembre, aktibong ikinampanya ang paglalantad sa mga paglabag ng AFP sa kanilang tigil-putukan. Umabot sa 49 barangay sa Panay ang apektado ng mga operasyon sa ilalim ng Oplan Bayanihan. Naglunsad ang mamamayan mula sa kanayunan ng mga aksyong protesta kasama ng iba't-ibang mga sektor sa kalunsuran noong Nobyembre 8, Nobyembre 25, at Disyembre 10 sa mga sentrong syudad upang ilantad at labanan ang militarisasyon, batikusin si Duterte sa pagpapatuloy ng Oplan Bayanihan, hindi pagtupad ng pangakong pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, at pagbibigay ng pambayaning libing kay Marcos.


Naglunsad ng isang raling-kidlat ang Kabataang Makabayan (KM)-Panay noong Nobyembre 29, kasabay ang "operasyon pinta" at pagladlad ng istrimer, at nanawagan ng pagsapi sa Bagong Hukbong Bayan. Nagpiket din sa harap ng Camp Delgado sa Iloilo noong Disyembre 7 ang 200-kataong delegasyon ng Panay bago tumulak para sa Manilakbayan.

Buong Disyembre ay nagpalaganap ang BHB at KM ng libong *greeting card* sa mga kaibigan at alyado. AB

## ULOS-TIMOG KATAGALUGAN

SA TARANGKAHAN ng Maynila yumayabong ang rebolusyonaryong kultura. Ito ang temang tumatahi sa mga sanaysay, tula, awit, dagli at iba pang anyo ng likhang-sining mula sa rehiyon ng Timog Katagalugan na siyang tampok sa pinakahuling isyu ng Ulos. Inilalarawan sa mga likhang-sining ang napakahirap ngunit magiting na pakikibaka sa lugar na nasa tarangkahan ng sentrong lunsod ng reaksyunaryong gubyerno, at ang mahigpit na tulungan ng kilusang masa sa kalunsuran at ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Ang Ulos ang pangkulturang dyornal ng pambansa-demokratikong kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) at pinapatnubayan ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM).



# Mahigit 50 sakada, tumakas sa Hacienda Luisita

Noong Enero 7, dumating sa Cagayan de Oro City ang mahigit 50 sakada (pana-panahong manggagawa sa tubuhan) na nakaligtas mula sa mala-impyernong kundisyon sa paggawa at mala-aliping sistema ng pasahod sa Brgy. Mapalacsiao, Tarlac na sakop ng Hacienda Luisita.

Karamihan sa kanila ay nangahas tumakas mula sa asyenda noong Disyembre 28 at nagpasagip sa upisina ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Quezon City. Apat sa mga tumakas ay menor-de-edad habang kalahati ay mula sa tribong Manobo. Noong Enero 5, siyam pa ang tumakas at sumama sa mga naunang sakada. Sa tulong ng DAR, Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) at Organisasyon sa Yanong Obrerong Nagkahiusa (OGYON), nagsampa sila ng mga kaso ng paglabag sa mga batas sa paggawa at iba pang kriminal na kaso tulad ng *human trafficking* laban sa Hacienda Luisita at ahensya sa paggawa na nagrekrut sa kanila.

Ilan lamang ang mga nakaligtas sa tinatayang 800-1,000 mga sakada na kinontrata ng Hacienda Luisita para sa kabyawan (anihan ng tubo) na nagsimula noong Nobyembre. Karamihan sa kanila ay mula sa Bukidnon, pero mayroon ding ilan mula sa Cotabato, Davao, Lanao del Norte at Misamis Oriental. Noong Agosto pa sila nirekrut ng Greenhand Labor Service Cooperative, isang ahensya sa paggawa na pagmamay-ari ng pamilyang Lorenzo at kinontrata ng Agrikulto Inc. na pagmamay-ari naman ng pamilyang Cojuangco-Aquino para sa Central Azucarera de Tarlac (CAT). Ang CAT ay magkasanib na pagmamay-ari at pinatatakbo nina Fernando Cojuangco at Martin Lorenzo. Sangkot ngayon ang pamilyang Lorenzo sa madugong pagsupil sa lumalabang mga manggagawa sa sagingan ng Lapanday Foods Corporation sa isa sa mga plantasyon nito sa Tagum City.


Nadala ang mga sakada sa ipinangako sa kanila na "Tarlac Package" (Paketeng Tarlac) ng Greenhand. Kabilang dito ang libreng pagkain, transportasyon, serbisyong medikal, tirahang hotel sa tabi ng isang ospital at mga benepisyo sa SSS, Philhealth at Pag-ibig. Pinangakuan din sila ng hanggang P450/araw na sahod. Naengganyo sila lalupa't kagagaling lamang sa mahabang tagtuyot ang rehiyon at hindi pa nakababawi sa mahabang tiempo muerto ang mga tubuhan sa Bukidnon.

Ayon sa mga tumakas, mala-impyernong paghihirap ang inabot nila sa Hacienda Luisita. Imbes na hotel, isiniksik sila sa mabaho at mainit na baraks kasama ng daan-daang mga sakadang nauna sa kanila. Pinagtatrabaho sila bago magliwanag hanggang magdilim nang halos walang pahinga.

Imbes na arawang sahod, ipinailalim sila sa sistemang pakyawan kung saan naghahati sa lingguhang kita ang 13 sakada. Pinakamataas na sa sistemang ito ang P180 kada linggo. Sa isang naisapublikong *payroll* ng kumpanya, lumabas na sumasahod lamang ang mga sakada ng P66.21/linggo o P9.46/araw matapos kaltasin ang kanilang pagkain sa araw-araw. Kahit ang ipinangakong *cash advance* na P2,500 ay hindi nila buong natanggap dahil ikinaltas dito ang gastos sa gamit-kusina, kubyertos, gamit pantrabaho at iba pang pangangailangan. Dahil sa baba ng kanilang kinikita, na kinakaltasan pa ng kung anu-anong gastos, wala na silang naipadadala sa kani-kanilang mga pamilya.

Sa tindi ng hirap, marami sa kanila ang nagkasakit. Isa rito si Brixio Bagnaran Sr, na nagkaroon ng impeksyon sa baga pero hindi angkop na ginamot nang halos isang buwan. Pinauwi siya sa Bukidnon nang lumala ang kanyang kalagayan nang walang suportang medikal o pinansyal. Namatay siya noong Enero 4. Isa ang kanyang kapatid sa mga tumakas, habang naiwan pa sa asyenda at naghihintay na masagip ang kanyang anak na si Brixio Jr.

Kasama niyang naghihintay masagip ang 16-anyos na si Alman Arsenio na hinahanap na ng kanyang ina sa Pangantucan, Bukidnon.



**Pang-aalipin sa mga sakada**

Isang matigas at matagal nang gawi sa Hacienda Luisita at iba pang malalawak na tubuhan ang pagkuha ng mga sakada mula sa ibang prubinsya. Paraan ito ng mga panginoong maylupa para tiyakin ang pinakamurang lakas-paggawa sa panahon ng kabyaw. Sa buong bansa, pinakamababa ang sahod ng mga manggagawang bukid sa mga tubuhan. Ang dati nang mababang sahod ng mga manggagawang agrikultural ay lalupang hinihila pababa

ng sistemang pakyaw sa mga tubuhan.

Ayon sa datos ng UMA, may mga tubuhan sa Isabela kung saan umaabot lamang sa P13/araw ang sinasahod ng mga dayong sakada habang nasa P16/araw naman ang inaabot sa mga tubuhan ng Negros, Batangas at Mindanao. Malayong-malayo ito sa mababa nang sahod na itinakda ng reaksyunaryong gubyerno (P235-P334 para sa mga manggagawang bukid sa tubuhan at P262-P364 sa mga asukarera).

Dagdag dito, kumukuha pa ng "parte" ang mga ahensya sa paggawa, mga kabo at kapatas sa sahod ng mga sakada. Sa kaso ng mga tumakas sa Hacienda Luisita, sa bawat limang trak na napupuno ng tubo, ang kita sa dalawa lamang ang mapupunta sa kanila. Ang mas malaki (tatlong trak) ay kinukuha ng ahensya, bilang kabayaran sa pagrekrut sa kanila sa tubuhan.

Katulad ng mga sakada mula sa Bukidnon, dumadanas din sila ng masasahol na kundisyon sa paggawa. Naiulat noon sa Isabela ang kaawa-awang kalagayan ng mga sakadang dumayo mula sa Tarlac, Negros at Mindanao, na wala man lamang disenteng silungan. May isang kaso rito na nasagasaan ang mga natutulog na sakada dahil natulog sila sa ilalim ng trak.

Ayon pa rin sa UMA, hindi lamang laganap, kundi nakainstitusyunalisa ang sistemang pakyaw sa mga tubuhan. Sa Negros at Batangas, kinikilala ito ng Department of Labor and Employment bilang lehitimong sistema ng pasahod. Dito, kumikita lamang ng P1,000-P1,500 ang mga manggagawang bukid para sa 15 araw ng paggawa tuwing pagkabyaw.

Tuwing tiempo muerto, pinapasahod lamang sila ng P200-P500 kada 15 araw para sa "di-produktibong" mga trabaho tulad ng pagroronda at pagpuputol ng damo. AB

# Dole Order 168, kinundena

"BIGO ANG KALIHIM ng DOLE na si Sec. Silvestre Bello III at si Pangulong Duterte na pakinggan ang aming panawagan na wakasan ang kontraktwalisasyon," ani Elmer Labog, tagapangulo ng Kilusang Mayo Uno (KMU).

Sa unang anim na buwan ng gubyernong Duterte, nagpasa ang KMU ng listahan ng mga kongkretong mungkahi para tuluyan nang wakasan ang kontraktwalisasyon. Anila, madali lamang sana itong ipinatupad noong una niyang 100 araw.

Subalit hanggang sa simula ng taong 2017, wala pa ring pagbabago para sa mga manggagawa at kanilang kalagayan sa paggawa.

Sa kanilang kilos protesta noong Enero 11 sa harap ng punong tanggapan ng Department of Labor and Employment sa Intramuros, Maynila, kinundena ng mga manggagawa ang Department Order 168 ng DOLE. Matapos nito, nagmartsa ang grupo tungong Mendiola sa Lunsod ng Maynila upang ipanawagan kay Duterte na gumawa ng kongkretong aksyon at tuparin na ang kanyang pangakong tapusin ang kontraktwalisasyon.




Anila, walang pagkakaiba ang DO-168 sa DO 18-A. Sakaling ipatupad ito ni Sec. Bello, patitindihin lamang nito ang mapagsamantalang kontraktwal na sistema ng pag-eempleyo sa bansa.

Ang DO 168 ay ang "DO 30" o tinaguriang "win-win solution" o solusyong panalo lahat ng panig. Nilikha ito ng Employers' Confederation of the Philippines (ECOP) at Philippine Association of Local Service Contractors (PALSCON) sa pakikipagsabwatan sa Department of Trade and Industry. Layon nitong gawing ligal ang kontraktwalisasyon at paramihin pa ang mga *labor contracting agency*.

Ayon sa ulat ng midya, kabilang sa binago mula sa lumang patakaran ang pagpapataas ng panimulang kapital ng mga *agency* mula P3 milyon tungong P5 milyon, pagpapataw ng multa sa mga ahensyang lumalabag sa DO, pagregularisa sa mga manggagawa subalit walang direktang pananagutan ang mga kapitalista.

"Kung papayagan nilang magunyon ang mga kontraktwal, kanino sila hihingi ng pagtaas ng sahod at benepisyo? Maaasahan ba ang mga *manpower agency* na haharap sa interes ng mga manggagawa?" tanong ni Doods Gerodias ng Alliance of Democratic Labor Organizations, pederasyon na myembro ng KMU.

Dagdag pa ng KMU, kung ipatutupad ni Pangulong Duterte ang bagong patakaran sa kontraktwalisasyon, malinaw na hindi seryoso ang kanyang administrasyon sa pagtupad sa kanyang mga pangako sa mga manggagawa.

Kung ganito ang mangyayari, haharapin niya ang papatinding galit ng mga manggagawa at mga protesta. Nanawagan rin ang grupo na magkaisa ang mga manggagawa at iparinig ang kanilang tinig hanggang tuluyang ibasura ang kontra-manggagawang kautusan.

"Habang tumatagal, lalong paparami ang mga manggagawang nagiging biktima ng kontraktwalisasyon na siyang lumalabag sa karapatan ng maraming manggagawa," dagdag pa ni Labog.

Bago ang protesta sa harap ng DOLE, daan-daang manggagawa rin ang lumahok sa inilunsad ng KMU na mga protesta tuwing *breaktime* laban sa kontraktwalisasyon noong Enero 6 . AB

# Paligsahang Miss Universe, binatikos ng Gabriela

BINATIKOS NG Gabriela ang paligsahang Miss Universe na ginaganap ngayon sa bansa. Sa isang pahayag noong Enero 11, tinuligsa ng Gabriela ang Miss Universe at iba pang paligsahang nagsasamantala sa kababaihan at nagtuturing sa kanila bilang mga kalakal.

Anang Gabriela, sa pagiging punong-abala ng ika-65 paligsahang Miss Universe, ibinebenta ang Pilipinas bilang destinasyong panturismo kung saan mura at madaling mapagsamantalahan ang kababaihan. Ikinalulungkot ng Gabriela na nagagamit ang mga nangangarap na kababaihan para maglako ng mga kalakal sa ngalan ng "pagbibigay-kapangyarihan sa kababaihan."

Pagkadating na pagkadating pa lamang ng mga kandidata, pinagdadampot na ng lokal na gubyerno ang mga batang lansangan bilang bahagi ng "pagpapaganda" ng lugar para sa mga turistang mahahatak ng paligsahan.

Hindi ito malayo sa ginawa ni Marcos na paggamit ng Miss Universe *pageant* upang linisin ang imahe ng batas militar noong 1973. Kasabay ng paggamit sa naggagandahang kababaihan upang makaakit ng atensyon, pinademolis ng diktadurang US-Marcos ang mga maralitang komunidad sa tabi ng mga haywey dahil pangit ito sa mata ng nagdaraang mga turista. Sa harap ng matinding panunupil ng batas militar, nagsagawa ang mga aktibista ng iba't ibang porma ng pagtutol tulad ng lihim na pamumudmod ng mga polyeto.

Ang pagtutol sa Miss Universe at katulad na mga paligsahang pangkagandahan ay marka ng kilusang kababaihan sa Pilipinas. Ang piket ng kababaihan sa pamumuno ni Lorena Barros laban sa Binibining Pilipinas noong 1970 ang naging pasiuna sa pagbubuo ng MAKIBAKA, ang pambansa-demokratikong organisasyon ng kababaihan.

Naglunsad din ng piket laban sa magarbong fashion show ng Manila's Best Dressed sa gitna ng malawakang kagutuman ng mga maralita ng Maynila. Dalawang dating *beauty queen*, sina Maita Gomez at Nelia Sancho, ay naging mga aktibista noong 1972. Isiniwalat nila ang kabulukan at paggamit sa kababaihan upang kumita ang mga kumpanyang nag-iisponsor sa paligsahan.

Sa matagal na panahon, ang prankisang Miss Universe ay pagmamay-ari ni Donald Trump, nahalal na presidente ng US noong Nobyembre 2016, na kilala sa pagiging kontra-kababaihan.


# Mga protesta sa Maynila, tuluy-tuloy

TULUY-TULOY NA PROTESTA ang inilunsad ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa Maynila sa pagbubukas ng 2017.

Noong Enero 18, nagtungo sa Mendiola ang mga pamilya at tagapagtaguyod ng karapatang-tao para muling ipanawagan ang pagpapalaya sa lahat ng mga bilanggong pulitikal. Binasa dito ang isang pahayag na pinirmahan ng 34 na detenidong pulitikal sa Camp Bagong Diwa.

Sa sumunod na araw, Enero 20, nagmartsa mula sa Department of Agrarian Reform patungo sa bahay ng pamilyang Aquino sa Times St. sa Quezon City ang mga magsasaka bilang maagang paggunita sa ika-30 anibersayo ng masaker sa Mendiola na naganap sa ilalim ng rehimeng US-Aquino.

Ang dalawang magkasunod protesta ay itinaon sa pagbubukas ng ikatlong round ng peace talks sa pagitan ng NDFP at GRP sa Rome, Italy. Sa panig ng mga magsasaka, nais nilang dalhin sa *negotiating table* ng usapang pangkapayapaan ang isyu ng kawalang-hustisya sa mga biktima ng masaker at ang nagpapatuloy na usapin ng kawalang-lupa ng mga magsasaka. Nais naman ng mga kamag-anak ng mga bilanggong pulitikal na mabuo ang kasunduan para sa kanilang pagpapalaya.



Bandang hapon, tumungo ang mga magsasaka, kasama ang iba pang organisasyon sa pamumuno ng Bayan, sa US embassy para tuligsain ang paupong presidente ng US na si Donald Trump. Mariin nilang binatikos ang mga kontra-imigranteng balakin ni Trump, na tiyak na aapekto sa milyun-milyong mga migranteng manggagawa sa US, kabilang sa mga Pilipino roon. Ipinanawagan din nila ang kagyat na pagbabasura sa mga di-pantay na tratadong militar sa pagitan ng US at Pilipinas. Nakatakdang manumpa bilang bagong presidente si Trump sa umaga ng Enero 20 (Enero 21 sa Pilipinas).

Samantala, lumahok rin sa mga protestang kontra-Trump ang mga migranteng Pilipino sa US, at nanawagan sa mga kapwa Pilipino roon na mag-organisa at kumilos. Ayon sa Bayan-USA, lalala ang kalagayan ng mga migranteng Pilipino sa US sa pamumuno ng isang presidenteng tinatawag ang mga Pilipino na mga "animal" na nagmula sa isang "teroristang bansa."